

Mga kulugo sa ari at HPV (Genital warts & HPV)

Kilala rin bilang human papilloma virus, HPV sa ari

Isang pangkaraniwang STI ang mga kulugo sa ari, na dulot ng human papilloma virus (HPV) at naipapasa kapag may pisikal na pagdidikit ng mga balat habang nakikipagtalik.

MGA MABILISANG KAALAMAN

- Walang sintomas ang karamihan sa mga taong may impeksyon na genital HPV ngunit maipapasa pa rin ang impeksyon sa iba habang nakikipagtalik
- Ni walang anumang kulugo ang maraming taong may impeksyon na HPV
- Naipapasa ang mga kulugo sa pakikipagtalik gamit ang ari o puwet, pagdidikit ng mga balat ng ari sa isang taong may HPV sa ari
- Mga opsyon sa paggagamot ang mga iniresetang cream o pintura pati na rin ang gamutang freezing at laser

Ano ito? (What is this?)

Ang mga kulugo sa ari ay mga pagtubo o bukol sa bahagi ng ari na may magkakaibang hitsura, laki, hugis at dami. Mukhang cauliflower ang hitsura ng ilan.

Ang mga kulugo sa ari ay dulot ng human papilloma virus (HPV). Karamihan sa mga taong aktibo sa pakikipagtalik ang magkakaroon ng panganib na makakuha ng mga impeksyon na HPV sa kanilang buhay. Kusang nawawala nang hindi ginagamot ang karamihan sa mga impeksyon na HPV.

Minsan, nagdudulot ang impeksyon na HPV ng mga kanser sa ari, ngunit hindi ito pangkaraniwan at hindi dulot ng mga uri ng HPV na nagdudulot ng mga kulugo sa ari.

Paano ka magkakaroon nito? (How do you get it?)

Naipapasa ang mga kulugo sa ari at HPV sa pamamagitan ng direktang pagdidikit ng mga balat habang nagsasagawa ng pakikipagtalik gamit ang ari o puwet. Maaaring lumabas ang mga kulugo sa loob ng maraming linggo pagkatapos mahawa o maaaring tumagal ng maraming buwan bago ito lumabas.

Ano ang mga sintomas? (What are the symptoms?)

Maaaring mapansin mo ang isang bukol o mga bukol sa bahagi ng ari. Minsan, hindi napapansin ng mga tao ang mga kulugo dahil nasa loob ito ng ari, nasa cervix o nasa puwet.

Kailangan mong pumunta sa doktor kung napansin mong:

- nagbabago ang mga bukol o balat sa iyong ari, vulva, o puwet
- may anumang hindi pangkaraniwang pangangati, pagkirot o pagdurugo

Kailangan mo ring pumunta sa doktor kung sinabi sa iyo ng isang sekswal na kapareha na mayroon siyang HPV o mga kulugo sa ari.

Paano ka masusuri para dito? (How do you test for it?)

Nasusuri ang mga genital wart sa pamamagitan ng biswal na pagsisiyasat ng isang doktor o nars sa bahagi ng ari.

Walang solong pagsusuri para sa HPV, kaya pinakamainam na pumunta sa iyong doktor.

Paano ito ginagamot? (How is it treated?)

Pumunta sa iyong doktor para malaman ang tamang paggagamot sa mga kulugo sa ari.

Kung buntis ka o sa tingin mo ay buntis ka, sabihin sa iyong doktor.

Hindi naaalís ng paggagamot ang HPV. Ginagamot lamang nito ang mga nakikitang kulugo. Para sa karamihan ng mga tao, ang natural na resistensya ng katawan ang gagamot sa virus sa paglipas ng panahon.

Paggagamot ng doktor (Treatment by a doctor)

- **Cryotherapy** - para i-freeze ang mga kulugo
- **TCA (trichloroacetic acid)** - para ilagay sa at alisin ang mga kulugo
- **Laser** na gamutan - paminsan-minsang inirerekomenda para alisin ang mga kulugo (nangangailangan ng general anaesthetic)

Gamutan na maaari mong gawin sa iyong sarili (Treatment you can apply yourself)

- Podophyllotoxin (Condyline™) paint para sa mga panlabas na kulugo sa ari. Hindi inirerekomendang gamitin kung buntis. Nangangailangan ng reseta mula sa iyong doktor.
- Imiquimod (Aldara™) cream para sa mga panlabas na kulugo sa ari at puwet. Hindi rin inirerekomenda kung buntis. Nangangailangan ng reseta mula sa iyong doktor.

Anuman ang ginagamit na paggagamot:

- Huwag gumamit ng mga hindi iniresetang gamot na hindi para sa mga kulugo sa ari.
- Karaniwang nangangailangan ng madalas na pagbisita sa doktor at paggamot ng iba't ibang paraan sa paggagamot, kaya maging matiyaga.

Mga side-effect at gamutan (Side-effects and treatment)

Karaniwang mga side-effect ng cryotherapy, Condylina™ and Aldara™ ang:

- Pamumula ng balat sa isang bahagi
- ulceration
- Pananakit o pagkirot

Puwede mong subukang magsagawa ng banayad na paliligo ng tubig alat o pag-inom ng hindi iniresetang gamot pampawala ng sakit (tulad ng paracetamol) para bawasan ang ganitong mga side-effect.

Kung magpatuloy ang mga side-effect na ito, pumunta sa iyong doktor.

Mayroon ba itong anumang komplikasyon kapag hindi nagamot? (Are there any complications if not treated?)

Hindi naalis ng paggagamot ang HPV. Ginagamot lamang nito ang mga nakikitang kulugo. Para sa karamihan ng mga tao, ang natural na resistensya ng katawan ang gagamot sa virus sa paglipas ng panahon.

Malamang ba na bumalik ito pagkatapos ng paggagamot? (Is it likely to come back after treatment?)

Karaniwang nangangailangan ng madalas na pagbisita sa doktor at paggamot ng iba't ibang paraan sa paggagamot, kaya maging matiyaga.

Paano ko poprotektahan ang aking sarili? (How can I protect myself?)

Puwedeng makatulong ang mga condom at dam, ngunit hindi nila natatakpan ang lahat ng bahagi ng balat ng iyong ari.

May bakunang magagamit para makaiwas mula sa impeksyon ng siyam na uri ng HPV (6, 11, 16, 18, 31, 33, 45, 52 at 58) na nagdudulot ng karamihan sa mga kulugo sa ari at kanser sa ari.

Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa mga opsyon ng bakuna.

Saan ako makakakuha ng tulong? (Where can I get help?)

- Bumisita sa isang serbisyo sa sekswal na kalusugan na malapit sa iyo
- Bumisita sa iyong lokal na doktor
- Bumisita sa lokal na sentrong pangkalusugan sa iyong komunidad

Maghanap ng mga serbisyo sa sekswal na kalusugan sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

PAGTANGGI (DISCLAIMER)

Ibinibigay ng fact sheet na ito ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa sekswal na kalusugan at hindi inilaan para palitan ang pangangailangang kumonsulta sa iyong doktor.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kalusugan, dapat kang humingi ng payo sa iyong doktor.

Kung kailangan mo ng kagyat na pangangalaga, dapat kang pumunta sa pinakamalapit na Kagawaran sa Emerhensiya o tumawag sa 000.